# Ang NDIS Worker Screening Check (pangkalahatang kasapi/general stakeholders)

Ang fact sheet na ito na para sa mga pangkalahatang kasapi ay nagpapaliwanag kung ano ang NDIS Worker Screening Check at kung bakit ito mahalaga.

## Ang NDIS Quality and Safeguarding Framework

Noong 2016, ang lahat ng mga pamahalaan ng Australia ay sumang-ayon sa isang NDIS Quality and Safeguarding Framework (Framework). Ang Framework ay nagbibigay ng isang pambansang naaalinsunod na pamamaraan upang makatulong na bigyang kapangyarihan at suportahan ang mga kalahok ng NDIS na magamit ang pagpili at pamamahala, habang tinitiyak na nakalagay ang mga naaangkop na pananggalang. Nagtatag din ito ng mga inaasahan para sa mga tagapagbigay at ang kanilang mga tauhan upang maghatid ng mga de-kalidad na suporta.

Bilang bahagi ng Balangkas (Framework), lahat ng mga estado at teritoryo ay nakatuon sa isang naaalinsunod na pambansang proseso ng pagtatasa sa mga manggagawa. Ang bagong NDIS Worker Screening Check ay bumubuo ng bahagi ng National Disability Insurance Scheme (NDIS) Quality and Safeguarding Framework.

## Ano ang NDIS Worker Screening Check?

Mula sa ika-1 ng Pebrero 2021, ang NDIS Worker Screening Check (Worker Screening Check) ay pumapalit sa mga iba't-ibang kaayusan na pinapatakbo sa bawat estado o teritoryo, na nagtatakda ng isang pinakamababang pambansang pamantayan na kinakailangang matustusan ng lahat ng mga manggagawa na nakikibahagi sa mga tungkulin na tinasa sa panganib (risk assessed roles). Ang ilang mga estado at teritoryo ay maaari pa ring magkaroon ng karagdagang pangangailangan sa ilang mga kalagayan, hal. ang mga taong nagtatrabaho sa mga bata ay maaari pa ring magkaroon ng karagdagang pagtatasa. Mayroong mga karagdagang tungkulin o limitasyon na nauugnay sa NDIS Worker Screening para sa mga tagapagbigay sa Queensland.

Ang Worker Screening Check ay isang pagtatasa kung ang isang taong nagtatrabaho, o naghahangad na magtrabaho, sa mga taong may kapansanan ay maaaring nagdudulot ng panganib sa kanila. Matutukoy nito kung ang isang tao ay pinapayagan o hindi pinahihintulutan na makapagtrabaho sa ilang mga tungkulin sa mga taong may kapansanan.

Ang Worker Screening Check ay isasagawa ng Worker Screening Unit (WSU) sa estado o teritoryo kung saan mag-aplay ang isang tao.  Ang WSU ay nagpapasya rin kung ang isang tao ay pinapayagan o hindi pinahihintulutan.

Ang mga nakarehistrong tagapagbigay ay kinakailangang makisangkot lamang sa mga manggagawang pinapayagan sa anumang tungkulin na isang 'tungkulin na tinasa sa panganib'.

Ang worker screening ay isa lamang sa mga saklaw ng estratehiya na magkakasamang pinatatakbo upang mabawasan ang panganib ng pinsala sa mga taong may kapansanan. Ang mga tagapagbigay ng NDIS ay kailangan ring magpatupad ng karagdagang mga patakaran, pamamaraan at kasanayan na makakatulong sa pagkilala at pagpapabawas ng panganib sa pinsala sa mga taong may kapansanan. Kabilang dito ang pagtataguyod ng mga positibong kultura ng organisasyon na hindi magpapaubaya sa pang-aabuso, kapabayaan o pagsasamantala; tinitiyak ang kalidad ng pangangalap, pagpili at pagtatasa; at mapanatili ang pagdiin sa edukasyon at pagsasanay.

## Ano ang gagawin ng Worker Screening Check?

Ang Worker Screening Check ay:

- maging isang mahalagang kasangkapan sa pangangalap, pagpili at proseso ng pagtatasa ng mga tagapagbigay ng NDIS, at tutulong sa patuloy na pagsusuri ng pagiging angkop ng mga manggagawa
- magdaragdag sa pagpipilian at pamamahala ng mga kasali na nangangasiwa sa sarili (self-managed participants) sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng karapatan na hilingin sa mga manggagawa na nagbibigay sa kanila ng mga suporta at serbisyo na kumuha ng isang NDIS Worker Screening clearance bago makisali sa kanila
- payagan ang mga manggagawa na may NDIS Worker Screening clearance na makapagtrabaho sa mga tungkulin na tinasa sa panganib sa mga nakarehistrong tagapagbigay ng NDIS sa anumang estado o teritoryo sa buong Australia
- tumulong sa pagpapabuti ng kalidad at kaligtasan ng mga suporta ng NDIS sa mga kasali ng NDIS.

## Gaano katagal na may bisa ang NDIS Worker Screening clearance?

Ang mga manggagawa na may isang NDIS Worker Screening clearance ay napapailalim sa nagpapatuloy na pagmamanman kaagapay ang pulisya at iba pang mga nauugnay na impormasyon.

Ibig sabihin nito na ang katayuan ng kanilang NDIS Worker Screening clearance ay maaaring muling masuri kung ang isang WSU o ang NDIS Quality and Safeguards Commission (NDIS Commission) ay makatanggap ng bago o na-update na impormasyon na nagpapahiwatig na maaaring magdulot ng panganib sa mga taong may kapansanan. Kung mangyari ito, maaari silang hindi pahihintulutan na magkaroon ng isang NDIS Worker Screening clearance bago magwakas ang kanilang umiiral na NDIS Worker Screening clearance.

Ang mga NDIS Worker Screening clearance ay nagwawakas bawat limang (5) taon.

## Kailan magsisimula ang Worker Screening Check?

Ang Worker Screening Check ay magsisimula mula sa ika-1 ng Pebrero 2021, maliban sa Northern Territory. Sisimulan ng Northern Territory ang Worker Screening Check nang hindi lalampas sa ika-1 ng Hulyo 2021.

## Karagdagang impormasyon

### Batas

- NDIS (Practice Standards - Worker Screening) Rules 2018
- *National Disability Insurance Scheme Act 2013*

### Website ng Komisyon ng NDIS

- Talahulugan ng mga salitang ginamit sa fact sheet na ito.
- Pangkalahatang impormasyon tungkol sa mga kinakailangan ng manggagawa.
- Impormasyon tungkol sa NDIS Worker Screening Check para sa mga rehistradong tagapagbigay ng NDIS.
- Mga NDIS Practice Standard at Tagapaghiwatig ng Kalidad (Quality Indicators)